



# PHILIPPINE GENERAL HOSPITAL

The National University Hospital  
University of the Philippines Manila  
**MEDICAL RECORDS DIVISION**

Taft Avenue, Manila

"PHIC Accredited Health Care Provider"

ISO 9001:2008 Certified



## CITIZEN'S CHARTER/SERVICE GUIDE

### PREPARASYON AT PAGBIBIGAY NG "MEDICAL CERTIFICATES" at KOPYA/SERTIPIKADONG KOPYA NG REKORD

Saan: Medical Records Division Office, 3<sup>rd</sup> Floor, Rm 313 OPD Bldg.  
Telepono: 5548424; 5548400 local 5319 (Medico-Legal Records Section)  
Pinuno ng Opisina: Gensela L. Lacambacal (Records Officer V)

Sino ang Makakuha ng Serbisyo:

1. Mga Pasyente/kliyenteng kailangan ng Medical Certificates para sa iba't ibang layunin
2. Mga pasyente/kliyenteng kailangan ng Medical Certificates para sa layuning Medico-Legal (para lamang sa Charity patients)
3. Mga Pasyente/Kliyenteng kailangan ng sertipikadong kopya ng kanilang clinical abstract/record ng pasyente (mahahalagang bahagi) para maisama sa SSS, GSIS, Insurances at kakailanganin sa PHILHEALTH

Mga kailangang dalhin:

1. Blue Card ng Pasyente
2. Valid ID (ID sa kompanya o eskwelahan o anumang ID ng Gobyerno tulad ng Driver's license, Postal ID, PRC, Passport)
3. Para sa mga pasyenteng may awtorisadong kinatawan:
  - Liham na nagbibigay awtorisasyon (*Authorization Letter*)
  - ID ng pasyente
  - ID ng kinatawan

Iskedyul ng serbisyo:

Lunes – Biyernes (8:00 n.u. hanggang 4:30n.h.)

Window 1 - Ordinaryong Medical Certificate

Window 2 - SSS, GSIS, at iba pang para sa Insurance na may dalang forms

Window 3 - Medico-Legal Certificate

Window 4 - Kopya, sertipikadong kopya ng record ng pasyente

Mga Paalala:

1. Ang mga dokumentong kailangan ay binibigay batay sa record ng opisina. Kung mayroong record at kompleto ang mga kinakailangang dalhin (requirements), maaring matapos ang transakyon sa isang araw.

2. Para sa mga “pasyenteng nasa ospital pa (still confined) ng “Paywards”, magpalista sa DPPS (Department of Pay Patient Services) at sila ang magdadala at kukuha ng medical certificate sa Medical Records Division, maliban sa mga “Medico-Legal “ na kaso.

Mga bayarin:

Medico-legal Certificate : P30.00 bawat certificate (Charity patients lang)  
 Ordinary certificate : P30:00 bawat certificate  
 Certified true copy : P30.00 sa bawat 5 kopya  
 Xerox : P2.00 bawat kopya  
 Insurance : P90.00 bawat certificate

Paano makakakuha ng serbisyo

Hakbang	Gagawin ng Aplikante/kliyente	Gagawin ng Opisina/Yunit	Itatagal ng Gawain	Empleyadong Namamahala
1	Kumuha ng numero sa kahon na nakalagay sa labas ng room 313, 3 <sup>rd</sup> Floor, Medical Records Division	1. Kausapin ang pasyente/awtorisadong kinatawan ng pasyente batay sa pangangailangan  2. Hingin ang blue Card at Ihanda ang locator card ayon sa pangangailangan ng pasyente  3. Ibigay ang locator card sa Clerk-in-Charge ng request.	3mins- 5mins /bawat pasyente	Officer-of the-day (ayon sa kanilang iskedyul)
2	Hintayin ang tawag ng clerk-in-Charge para sa panayam at pagbabayad sa kahero	1. Kunin ang record ng pasyente 2. Kausapin ang pasyente/awtorisadong kinatawan ng pasyente para tiyakin ang request 3.Sabihan ang pasyente/kliyente na magbayad sa kahero 4. Para sa Inpatient records, sabihan ang pasyente na maghintay sa pagproseso ng dokumento **	*15-20 mins/ transaction	<b>Window 1</b> Castañeda, LJ <b>Window 2</b> Serna, Ronald <b>Window 3</b> Acuin, Carlos <b>Window 4</b> Atienza, Josefina De Guzman, N
3	Maghintay sa paglabas ng dokumento	1. Iproseso ang dokumento  2. Tiyakin na walang mali at lagdaan ang dokumento	10mins/transaction	Katulad sa Itaas Hakbang #2 Records Officer
4	Tanggapin ang dokumento at lumagda sa kopya ng opisina	1. Ibigay ang dokumento	3mins/certificate	<b>Tulad sa Taas bawat window Hakbang #2</b>

Legend: \* 15-20 minuto pagproseso ng dokumentong kailangan – depende kung ang record ng pasyente ay nasa Medical Records Division na, Kung hindi pa handa ang record, medyo matatagalan ang pagproseso.

**\*\* *Ang mga record ng mga kalalabas pa lang na pasyente ay dadaan muna sa beripikasyon/pagpoproseso ng Inpatient Records Section, sa gayon , maaaring magkaroon ng karagdagang oras ng paghihintay ngunit matatapos din sa isang araw.***